Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyong Administratibo
Schools Division Office of Benguet
Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501

Oktubre 6, 2016

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
OCT 10 2016
Benguet Division

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
Bilang 172, s. 2016

**PARA SA:** Punong Tagamasid ng CID
Tagamasid sa Filipino at iba pang kaugnay na Asignatura
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Namumuno ng mga Paaralang Pampubliko sa Elementarya at Sekundarya
Mga Kinauukulang Guro

**MULA KAY:** **FEDERICO P. MARTIN,Ed.D.,CESO VI**
**Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan**

**PAKSA:** **PAKIKILAHOK SA PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG CORDILLERA SA DISYEMBRE 1-3, 2016**

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng ***Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Cordillera*** sa darating na Disyembre 1-3, 2016 na mismong gaganapin sa Benguet State University-College of Teacher Education (BSU-CTE) Function Hall sa pagtataguyod ng tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWAK)-CAR na nakatalaga sa BSU.
2. Layunin ng kumperensiya na maitampok ang panitikang Cordillera upang makatulong sa kasalukuyan sa pagbubuo ng kagamitang panturo at matalakay ang mga kinahaharap nitong isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad ng mga wikang Cordillera.
3. Batay sa liham paanyaya ng SWAK-CAR at gayundin sa ilalim ng DepEd Advisory Bilang 251 serye 2016, ang kumperensiya ay magkakaroon ng apat na sesyon: Kasaysayan ng Panitikang Cordillera; Panitikang Cordillera at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa; Ang Kontemporaneong Panitikang Cordillera; at Ang mga Wika sa Cordillera sa Panahon ng K to 12 at Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).
4. Bilang pagkilala sa kahalagahan ng nabanggit na aktibidad, hinihikayat ang pakikilahok ng mga paaralan at mga kinatawan ng tanggapan ng Sangay ng Benguet upang makiisa at aktibong makilahok sa kumperensiyang ito. Maaaring ikumpirma ang partisipasyon kay G. Macarthy B. Malanes, Tagamasid sa Filipino, sa numerong 09291836213 o sa email na macmacmalanes43@gmail.com para sa mas maaagang pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng SWAK-CAR.
5. Magkakaroon ng bayad rehistrasyon na nagkakahalaga ng P1, 700.00 bawat delegado para sa tatlong pananghalian, anim na meryenda, kits at sertipiko.
6. Ang bayad sa rehistrasyon at iba pang gastusin kaugnay ng pakikilahok sa kumperensiya ay maaaring magmula sa pondong lokal o pondo ng paaralan sa kondisyong ito ay tatalima sa mga patakaran at alituntunin ng pag-oodit.
7. Ang mga gurong kalahok sa kumperensiya ay kailangang maghanda ng mga angkop na gawain sa klase upang masiguro na hindi maaapektuhan ang maayos na daloy ng klase sa panahon ng kanilang pagdalo sa nasabing aktibidad.
8. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

*/mbm*